

# 1

Naghihinagpis si Lara Vijandre dahil sa kabiguan sa pag-ibig. Kasama ng twenty-two-year-old na dalaga ang dalawang kaibigan nang mga sandaling iyon.

“Kung bakit kasi nakipaghiwalay ka pa kay Ira ’tapos iiyak-iyak ka ngayon,” napataas-kilay na sabi ni Ashley sa kaibigang dinaramayan habang sila ay nasa loob ng isang bar sa *The Fort*.

“Hindi ka ba nakikinig? Hindi ba sinabi ko na ngang boyfriend siya ng kapatid ko? How do you think I can bear being with him knowing that I’m hurting my little sister?” pahayag niya na nakalugmok sa kanyang upuan. “But this is so hard for me, kahit pa four months lang naging kami ni Ira ay minahal ko pa rin siya and it’s not easy letting him go. Pero alam kong kailangan kong gawin ’yon para sa kapatid ko. Ayoko nang bigyan pa siya ng panibagong dahilan para magalit sa akin...”

“Wala ka naman talagang kasalanan, eh. Nang sagutin mo si Ira ay hindi mo naman alam na mag-boyfriend na pala sila ni Angelica. Kung tutuusin nga, biktima ka rin dito dahil niloko ka rin ng walang kuwentang lalaking ’yon,” giit ng isa pa nilang

kaibigan na si Kathryn na noon pa man ay hindi na gusto ang kanyang nobyo.

“Siyempre hindi makikita ni Angelica ’yon in that manner. Alam n’yo namang noon pa’y mang-aagaw na ang tingin niya sa akin,” sabi niya.

“Sana naman ngayon magawa nang i-appreciate ng sister mo ’yang pagmamalasakit mo para sa kanya. Biruin mo, you’re willing to sacrifice the man you love just for her!” ani Ashley matapos inumin ang tequila na isinalin ni Lara para rito.

Ininom na niya ang isinalin ding alak para sa sarili sa pagnanais na lunurin niyon ang paghihirap na nadarama ng kanyang puso. “Sana nga...”

---

“Tinatapos ko kasi ngayon ’yung pelikulang ginagawa ko. Balak ko sana isali sa competition ’yon next month,” paglalahad ni Bryce Villasarte sa pinsang si Leo na nasa cellphone.

“Sana matapos mo na kaagad ’yan kasi meron akong script na gusto ko sanang ipabasa sa ’yo...” banggit ng aspiring scriptwriter.

“Bakit hindi mo na ipakita sa akin ngayon?” suggestion ng twenty-five-year-old independent

filmmaker. “Nandito ako ngayon sa *The Fort*, magkikita kami ni Randolph. Sunod ka na lang...”

“All right, saang bar ba kayo nandoon?”

Subalit hindi na nakasagot pa si Bryce sa katanungan ng pinsan nang bigla siyang matulala dahil sa nakitang babae na nakatayo sa kabilang bahagi ng kalsada.

*Oh God, this has got to be the most beautiful woman I've ever seen!* isip niya habang kulang na lamang ay mapanganga sa mala-diyosang hitsura nito. She had long wavy hair and an hourglass figure that was further emphasized by the body-hugging red dress she wore.

“Hoy, Bryce! Nand’yan ka pa ba?”

“Ha? Ah... oo... nandito pa ’ko...” wala sa sarili na pagsagot niya habang hindi maialis ang mga mata mula sa magandang mukha ng estranghera. Kahit madilim ay naaaninag niya ito dahil sa mga ilaw na nanggagaling mula sa mga bars na nasa likuran nito. *She’s so damn beautiful, parang ang hirap-hirap niyang abutin. She is definitely out of my league...*

“Hoy, Pinsan! Ano ba’ng nangyayari sa ’yo? Hindi mo ba ako naririnig?”

Doon na natauhan si Bryce nang marinig ang pagsigaw ng pinsan sa kabilang linya. “Ah... pasensya na, Leo. Ano ba ulit ’yung tinatanong mo?”

“Ang sabi ko saang bar ba kayo nandoon?” pag-uulit nito.

“Oh no! What’s she doing? Is she drunk?” biglang naalarmang sabi niya nang makitang susuray-suray na naglakad ang babae at tila balak tumawid.

Mas lalo pang naguluhan si Leo sa narinig mula sa kanya. “Who’s drunk? Bryce, sino ba talaga’ng kausap mo d’yan?”

Hindi na nakasagot pa ang binata nang mabitawan niya ang cellphone matapos mapatakbo sa tumatawid na babae na hindi pansin ang paparating na sasakyan. He embraced her and pulled her out of harm’s way. Pareho silang bumagsak sa sidewalk sa kabilang bahagi ng kalsada.

“Are you okay?” tanong niya rito na siyang nakaibabaw sa kanya.

“I’m... I’m fine...” sagot nito na tila biglang naglaho ang kalasingan matapos magimbal sa muntikan nang mangyari sa sarili.

*Mas lalo pa pala siyang maganda sa malapitan...*

ang napagtanto ni Bryce habang hindi pa rin sila nakakaalis sa kanilang magkayakap na posisyon sa kalsada. He just could not get enough of her perfectly arched eyebrows, almond-shaped eyes that were round with shock at that moment, high patrician nose, prominent cheekbones and pouty red lips.

“Lara! Ano ba’ng ginagawa mo? You could have been hit by that car!”

“Bakit ba bigla ka na lang umalis? Nag-CR lang kami ni Ashley ’tapos bigla ka na lang nawala pagbalik namin!”

Napabitiw ito sa kanya nang matauhan at makita ang mga kaibigan. “I... I don’t know why I went out...” naguguluhan nitong sagot.

“Thanks for saving our friend. We owe you her life...” ang puno ng gratitude na sabi ng isang babae sa kanya.

“Don’t mention it. Just don’t let her out of your sight. Mukhang marami-rami na rin ang nainom niya,” bilin niya sa mga ito.

“Sige, mauna na kami. Thanks again,” ani Ashley. Katulong si Kathryn ay inalalayan nito si Lara patungo sa nakaparadang sasakyan di-kalayuan sa kanilang kinatatayuan.

“I think this is your phone,” pag-aabot sa kanya ng isang mabait na babae.

Matapos magpasalamat, idinikit niyang muli ang cellphone sa tainga at nalaman niyang hindi pa rin siya binababaan ng pinsan. “Nand’yan ka pa pala, Leo...”

“Ano ba ’yang komosyong nangyayari d’yan? Where are you now exactly?” Puno ng pag-aalala ang tinig nito.

“Meet us at *Jaipur*, doon ko na ipaliliwanag sa ’yo ang lahat...”

---

“Excuse me,” may pagkairitang sabi ni Lara sa babaeng babagal-bagal maglakad sa kanyang harapan. Thirty minutes na siyang late sa kanyang klase, kaya naman halos takbuhin na niya ang hallway ng *College of Saint Benilde*.

Nang makarating na sa kanyang classroom ay humahangos niyang binuksan ang pinto sa likuran. Hindi na bago sa kanya ang ma-late, kaya naman na-master na niya ang pagpasok sa klase na hindi napapansin ng professor. Habang hindi ito nakatingin ay pasimple siyang uupo sa bakanteng silya sa likuran at hindi na nito mahahalata na bagong dating

lamang siya. Ngunit sa kanyang kamalas-malasan ay okupado na ang silyang madalas niyang upuan sa likuran gayundin ang iba pa sa loob ng silid na iyon.

*Mabuti pa umalis na lang siguro ako tatal hindi ko naman nasimulan ang klase. Mahihirapan na rin akong sumunod sa lecture...*

Handa na sana niyang buksan ang pinto nang biglang marinig ang malalim na tinig ng isang lalaki.

“Excuse me, are you a student in this class?”

Nagtaka siya dahil hindi naman iyon ang boses ng matanda niyang professor na si Mr. Martin. Paglingon niya sa harapan ay laking gulat niya nang makita roon ang isang pamilyar na mukha.

*He was the guy who saved me last night!* ang walang duda niyang pagkilala dahil hindi niya makakalimutan ang hitsura nito matapos silang magkatitigan habang kapwa sila nakahiga sa tabing-kalsada. “Yes, Sir,” sagot niya.

“Don’t you know that our class starts at eight a.m.?” istriktong tanong nito na malayong-malayo sa concerned guy na nagligtas sa kanya noong nakaraang gabi.

“I know, Sir. I’m really sorry, I was caught in

traffic...” nakatungo niyang pagrarason.

“You were caught in traffic or naparami lang ang inom mo kagabi kaya late ka na nagising kanina?”

Alam ni Lara na tama ang sinasabi nito at late nga siya nagising dahil sa kalasingan, ngunit sa tingin niya ay unfair ang pagbabanggit nito ng tungkol sa bagay na iyon gayong napapahiya na siya sa harap ng mga kaklase.

“Pasensya na po talaga, Sir, hindi na po mauulit...” sagot niya na nananatili pa ring nakayuko dahil hindi niya ito magawang tingnan sa labis na pagkaasar na nadarama.

“Dapat lang dahil habang ako ang prof sa klaseng ito ay hinding-hindi ko i-to-tolerate ang tardiness ninyo,” pagbibigay-alam nito sa lahat ng mga estudyante saka itinutok ang mga mata sa kanya. “Nagkakaintindihan ba tayo, Miss...?”

“Vijandre po...”

“Okay, Miss Vijandre, are we clear now?”

“Yes, Sir...”

“You may sit on this chair,” turo nito sa isang silya sa bandang harapan. Hindi niya napansin kanina na bakante pala iyon. “Magmula ngayon,



'yan na ang permanente mong upuan dito sa klase ko so you can't sneak in late anymore. Maliwanag ba, Miss Vijandre?"

"Yes, Sir," nagtitimping sagot ng dalaga habang papaupo sa silya. Sa kanyang apat na taon sa kolehiyong iyon ay noon lamang siya nakaranas ng ganoong klase ng humiliation sa kamay ng kanyang professor kaya naman hindi niya iyon basta-bastang mapalalampas. *Sana hindi na lang niya ako iniligtas kagabi. Hindi ko na sana daranasin pa ang ganitong klase ng kahihyan ngayon nang dahil lang sa kanya!*

---

Napanganga na hindi makapaniwala ang dalawang kaibigan ni Lara nang malaman na ang lalaking nagligtas sa kanya mula sa sasakyang muntik nang makabundol sa kanya ay siya rin palang professor niya. Nagpatawag siya sa mga ito ng 'emergency meeting' sa *Starbucks* matapos mismo ang klase niya kay Bryce.

"It was him?" bulalas ni Ashley.

"Oo, ang Bryce Villasarte na 'yon ang pumalit kay Mr. Martin dahil nagpunta na pala 'to sa Amerika," kumpirma niya habang hinahalo ng straw ang kanyang green tea frappé. "At ang bagsik niya, ha!

Grabe, thirty minutes lang ako na-late ay ipinahiya na niya kaagad ako sa buong klase!”

“Dapat lang siguro para matuto ka na, ’no! Aba, sa apat na taon nating pag-aaral sa eskuwelahang ’yan, ni minsan yata hindi ka pa pumasok on time sa morning class mo,” pag-point out ni Kathryn.

“Hindi ko naman ipinagkakaila na mali talaga ako sa pagiging late ko, but did he really need to speak to me that way in front of the whole class?” Ikinuwento niya ang mga sinabi ng lalaki. “Ilagay n’yo ang mga sarili ninyo sa posisyon ko, hindi ba nakakahiya?” patuloy niya.

“Hay naku, Lara! Kalimutan mo na ’yon. It’s such a minor thing compared to what the guy has done for you last night. He saved your life. Kung ako ang nasa kalagayan mo, tatanggapin ko ang kahit anong lumabas sa bibig niya,” saad ni Ashley.

“Oo nga, lalo pa’t ganoon siya ka-cute at ka-gentleman. Kahit sigaw-sigawan niya pa ako sa harap ng buong campus, matatanggap ko nang maluwig!” pagsegunda ni Kathryn na biglang nagkaroon ng dreamy look sa mga mata.

“Cute ba sa inyo ang lalaking ’yon? Mukha nga siyang nerd! And he’s definitely *not* a gentleman for

me matapos ang ginawa niyang pagpapahiya sa akin kanina. He's nothing but a boring, self-righteous, smart-ass guy na mukhang walang gagawin kundi gawing impiyerno ang buhay namin sa klase niya!" panghuhusga na kaagad ni Lara after spending one hour and a half in his class.

"Friend, kahit pa ano'ng sabihin mo ay hindi pa rin magbabago ang tingin namin sa kanya!" pagdiriin ni Ashley.

"Oo nga, para sa amin he's still the nicest, bravest and most charming guy we've ever met," pagsegunda muli ni Kathryn.

"Di ba may mga klase kayo sa kanya? Subukan ninyong ma-late at saka kayo bumalik sa akin at sabihin 'yang mga pinagsasabi ninyong 'yan!" panghahamon niya sa mga kaibigan.

Nagkatinginan ang dalawa at nagsalita si Ashley. "Oh, we'll never do that 'cause we don't want to upset our Prince Charming..."

Kung miserable na si Lara nang lisanin niya ang klase ni Bryce noong umaga ay tila mas lalo pa iyong nadagdagan nang makausap ang mga kaibigang pumapanig pa sa kanyang professor.

---

“Grabe! Ang cute ni Sir Bryce, di ba, Rizz?” kinikilig na sabi ni Angelica sa kaibigan. Nandoon ito sa sala ng mansion ng mga Vijandre at kausap ang babae sa landline. Tulad ng Ate Lara nito ay nag-aaral din sa *College of Saint Benilde* ang twenty-year-old na dalaga; nasa second year na ito.

“Kaya nga, eh. I can’t wait na tuloy na pumasok sa class natin bukas! Gusto ko na siyang makita!” kinikilig ding balik ni Rizz sa kabilang linya.

“Puwede ba, itigil mo na ’yang ambisyon mo dahil hindi ka papansinin ni Sir Bryce, ’no! Didn’t you see the way he looked at me? Obvious na obvious na may gusto siya sa akin!” mayabang na saad nito.

“Ganoon ba? Parang hindi ko yata napansin ’yon!” pahayag nito na pasimpleng nasusuya sa kahibangan ng kaibigan.

“Siyempre, slow ka kasi!” mataray na balik ni Angelica nang biglang mapansin ang pagpasok ni Lara sa main door ng malaking bahay. “Sige, bye-bye na, Rizz. Sira na ang gabi ko dahil dumating na ang mang-aagaw kong kapatid!” sadyang pagpaparinig nito sa bagong dating at ibinaba na ang handset sa cradle.

“Ilang beses ko ba kailangang ipaliwanag sa

'yo na hindi ko inagaw si Ira mula sa 'yo?" hindi na napigilang pagkompronta ni Lara na napipikon na sa mga pagpaparinig ng nakababatang kapatid. "Hindi ko naman alam na boyfriend mo pala siya, ni hindi mo nga siya ipinakilala sa amin!"

"I was planning to!" Tumayo ang petite na dalaga at nilapitan siya; tumigil ito sa kanyang harapan. "Kaso nga sinira mo na ang relasyon namin!"

"Look, I'm really sorry. If I had only known na kayo pala ni Ira, I would have avoided him. Maniwala ka sa akin, I never meant for all of this to happen..." May pakikiusap sa kanyang mga mata nang sabihin iyon.

"Will you stop acting concerned for me dahil hindi bagay sa 'yo!"

"Ano na naman ba 'to at nagsisigawan kayong dalawa? Nasa garahe pa lang ako'y naririnig ko na kayo!" pakikialam na ni Mrs. Menchie Vijandre na pumasok sa loob ng bahay.

"Paano po kasi, Mommy, hanggang ngayon ay ayaw pa ring aminin nitong si Ate na inagaw niya sa akin si Ira!" pagsusumbong kaagad ni Angelica sa ina.

"Bakit ba kasi hindi mo na lang aminin, Lara,

na lahat ng nasa kapatid mo ay gusto mong agawin! Even when you were still kids, I've already seen that bad attitude of yours!" pagkampi nito sa bunso.

"Kelan ka ba may nakitang maganda sa akin, Mommy? Wala namang magaling sa 'yo kundi 'yang anak mong 'yan, di ba?" ang hindi na napigilang paglabas ng sama ng loob ng panganay.

"Because it's the truth! Napakabuti ni Angelica, hindi katulad mo na wala nang idinulot sa bahay na ito kundi kaguluhan!" sumbat ng ginang.

Hindi na niya kinaya ang mga salita ng ina kaya bago pa makapagsalita ng hindi maganda ay tumalikod na lamang siya at lumabas ng bahay.

"Yan, sige... go ahead and leave. D'yan ka naman magaling, eh!"

Halos hindi na makita ni Lara ang kanyang dinaraan dahil sa pangingilid ng luha. Gayunpaman, binilisan na lamang niya ang paglalakad patungo sa sasakyan para hindi na makarinig pa ng masasakit na salita mula sa ina.

Umiiyak na tinawagan niya ang dalawang kaibigan na kapwa napasugod kaagad sa bar na kanyang sinabi na nasa *The Fort* area.

“Para namang hindi ka na nasanay sa mommy mo. Alam mong mainit ang dugo niya sa ’yo,” ani Ashley matapos um-order ng blue margarita sa bartender.

“Pero bakit siya ganoon? Ano ba’ng ginawa ko sa kanya for her to hate me this way?” paglalabas niya ng hinanakit habang nagsisimula na namang tumulo ang luhang kanina lamang ay napahinto na niya. “I don’t understand, anak rin niya ako pero bakit parang ang layo-layo ng loob niya sa akin?”

“Hindi siguro sa malayo ang loob niya sa ’yo, it’s just that... paborito niya lang si Angelica,” maingat na paliwanag ni Kathryn ukol sa sensitibong topic. “Alam mo naman ang mga magulang, kung minsan napaka-obvious kung magpakita ng favoritism.”

“Huwag mo na masyadong intindihin ang mommy mo, bawing-bawi ka naman sa daddy mo, eh. Hindi ba sa inyong dalawang magkapatid, ikaw ang paborito niya?” panunubok ni Ashley na pagaanin ang kanyang kalooban.

“Nasaan na nga pala ang daddy mo? Was he not there in your house to defend you against your mom?” tanong ni Kathryn.

“He’s in Malaysia, may business conference

siyang pinuntahan roon,” sagot niya. “All I ever wanted was to have a happy, peaceful family life na walang selosan, kompetisyon just like other families. But why can’t I have that?”

Malungkot na nagkatinginan lamang ang dalawang kaibigan niya.

---

“Kayo talaga, hindi pa kayo nakontento mag-inuman sa bahay, gusto n’yo pa talagang lumabas!” reklamo ni Bryce habang naghahanap ang mga kasama ng kanilang mapupuwestuhan sa loob ng bar na pinasukan.

“Pare, pabayaang mo nang makapag-unwind tayo kahit sandali. Masyado na nga tayong tutok sa paggawa ng pelikula, eh. Ipahinga naman natin ang mga sarili natin,” pahayag ni Randolph nang makahanap sila ng bakanteng lamesa sa isang sulok ng bar.

“Oo nga, huwag ka masyadong magpaka-working machine at baka ma-burn out ka kaagad niyan,” gatong pa ni Leo.

“Okay, pagbibigyan ko kayo basta ang usapan natin ay tapos na natin ang pelikula by this weekend, ha,” aniya sa dating kaklase sa *UP* na si Randolph.



“Okay, Sir Bryce, masusunod po!” sagot nito na hindi sineryoso ang sinabi niya.

“Guys, tingnan niyo ’yung chick na ’yun, o, ’yung nasa gitna ng dalawang babae,” turo ni Leo sa nakita sa bar area. “Ang ganda, di ba?” namamanghang dagdag pa nito.

Sinundan ng mga kasama ang tinutukoy nito at napasinghap si Bryce nang mapagsino ang babae. “That’s... that’s Lara...”

“Yan si Lara?” bulalas ni Randolph habang nanghahaba ang leeg sa pagtitig sa dalaga. “Man, I can’t blame you kung tamaan ka man sa kanya. That’s one hot, beautiful girl!”

“Oo nga... from the face to the body, kumpletos rekados na!” hirit pa ni Leo.

“Why don’t we go and say hi to her? Tamang-tama tatlo sila, tatlo rin tayo. Partner-partner!” ang eager na suggestion ni Randolph.

“Oh, I’m not gonna do that,” tutol kaagad niya.

“At bakit? Kilala mo naman si Lara, I don’t see anything wrong with you approaching her,” pag-point out ni Leo.

“She’s my student. I’ve been trying to instill

in them the value of responsibility and discipline 'tapos makikita niya ako rito sa bar ngayon on a school night. Anong klaseng example na lang ang maipapakita ko sa kanya niyan?" paliwanag ni Bryce.

"Puwede ba, Bryce, tigilan mo na 'yang pagiging OA mo d'yan. Loosen up! Wala tayo sa classroom," pangangantyaw ni Randolph.

"Saka hindi na uso ngayon 'yung mga ganyang style ng prof na very strict and distant. 'Yung mga prof ko nga n'ung college ay kasama ko pang mag-inuman, eh," dagdag pa ni Leo.

"Well, hindi ganoon ang style ko, I still want to be professional," matibay niyang bitiw.

"Pare, sa kakapairal mo niyang professional-professional na 'yan, you might just completely lose your chance with her," babala ni Randolph.

"I've already decided na kakalimutan ko na lang muna ang anumang attraction na meron ako sa kanya. From now on she will just be my student and I will be her professor," pagdedesisyon niya.

Ngunit hindi naman niya makumbinsi ang dalawang kasama lalo na si Leo.

"Sa ganda ng babaeng 'yan, good luck na lang

*Gaano Kita Kamahal? - Terri Dizon*

---

sa 'yo kung magagawa mo pang panindigan 'yang sinasabi mo," anito.

Pero nanatiling matigas pa rin si Bryce, imbis na ma-discourage ay mas lalo pa siyang nahamon. "Malakas ang self-control ko. So I can definitely do that."

## 2

“What time is it, Miss Vijandre?”

Hindi pa man nag-iinit ang puwit ni Lara sa silyang na-designate sa kanya ni Bryce nang biglang pag-initan na kaagad siya ng professor.

“It’s eight a.m., Sir,” confident niyang pagharap dito dahil this time alam niyang hindi siya late.

“Oh, really? But it says in my watch and on the clock here that it’s already eight fifteen,” pagtuturo nito sa nakasabit na wall clock sa harap ng classroom. “Mabuti pang i-adjust mo na ’yang oras ng relo mo nang makasabay ka naman sa oras ng mundo namin...”

“Antipatiko talaga,” hindi na niya napigilang maibulong sa sarili.

Dahil sa katahimikan sa buong silid, kahit ang bulong na iyon ay nakarating sa tainga nito. “May gusto kang sabihin, Miss Vijandre?”

*Hanep naman talaga ang tenga ng lalaking ’to, ang lupit!* hindi makapaniwala niyang naisip.

“If you want to say something, I’ll give you the

floor,” anito na umupo muna sa likod ng lamesa.

“I don’t have anything to say, Sir,” saad niya na pilit lamang kinontrol ang katigasan ng tinig.

“If that’s the case, let’s move on to our agenda for today,” saad nito na nanatili pa ring nakaupo sa puwesto. “Yesterday, I told you that you will all be presenting the short films you’ve made na ibinigay sa inyong project ni Mr. Martin two months ago. So, Miss Vijandre, why don’t you start with your presentation?”

Wala namang problema para kay Lara ang pagpiprisinta ng pinaghirapang proyekto dahil proud siya sa nagawa. Minsan na niyang naipakita sa dating professor ang mga eksenang nakunan at pawang mga papuri ang kanyang narinig mula rito.

Ngunit iba ang naging pananaw ni Bryce sa kanyang finished work. “I think your whole film is a mess,” prangkang pahayag nito matapos panoorin ang kanyang ten-minute film.

Lara was shocked at the beginning but was able to recover quickly. “But... but when I showed it to Mr. Martin, he told me it was very good, that I was doing a great work. How come you’re saying now that it’s a mess?” Hindi na niya napigilan ang pagtaas ng

kanyang tinig.

“Hindi pa kasi nakikita ni Mr. Martin ang kabuuan ng pelikula mo noon kaya niya siguro nasabi ’yon sa ’yo,” mahinahong turan nito. “Let me enumerate to you my observations. First, your plot has no sense of direction. Second, your main character, Jill seems to be so confused and lost that she—”

“All right, I’ve had enough, Sir,” putol niya rito, sabay kuha ng bag at nilisan ang silid. Napakaespesyal sa kanya ng pelikulang iyon at sadyang hindi niya makayanang basta na lamang iyong yurakan ng kinamumuhiang professor.

Minabuti niyang lumabas ng campus upang doon magpalamig. Hindi niya alam kung gaano na siya katagal na nandoon nang may isang boses na gumambala sa kanya.

“Don’t you know that for every cigarette that you smoke your life is shortened by eleven minutes?”

Hindi na kinailangan pang lingunin ni Lara ang pinanggalingan ng tinig sapagkat kilalang-kilala na niya iyon matapos siyang ma-torture niyon ng dalawang magkasunod na araw.

“Don’t you know, Sir, that it’s none of your business if I want to die early?” sarkastiko niyang

balik habang patuloy pa ring humihithit ng kanyang sigarilyo habang nakatayo sa labas ng school building.

“Your film was the best I’ve seen...”

Doon na niya hinarap si Bryce, puno ng pagtataka ang kanyang mukha. “What are you saying? Kanina lang ang sinabi mo’y it was a complete mess!”

“It was a complete mess, all right, but I saw the incredible potential. At kung hindi ka nag-walk out kanina habang nagsasalita pa ako, maririnig mo pa sana ang mga positive observations ko sa gawa mo...”

“I’m... I’m sorry. I’m sorry for what I did. That was so rude...” nahihiya niyang sabi matapos itapon ang nangangalahati pa lamang na stick ng sigarilyo.

“Let’s forget about that,” anito na sa kauna-unahang pagkakataon ay kinakitaan ni Lara ng ngiti sa mukha.

*In fairness, totoo nga ang sinasabi nina Ashley at Kathryn na cute siya, ang nagawa na rin niyang aminin sa sarili habang pinagmamasdan ang clean-cut, boyish good looks nito.*

“So gusto mo pa bang marinig ang pagpapatuloy ng mga observations ko sa film mo?” untag nito.

Matapos niyang malaman ang tunay nitong

palagay sa kanyang gawa ay hindi na siya nagdalawang-isip na pumayag. “Sure, Sir, I’d love to hear them...”

---

“Your film has a very deep, complicated storyline and a characterization na nangangailangan ng focus. And if you could manage to work on that, you’ll have a very brilliant film...” ang hindi na pagtitipid ni Bryce sa komplimento habang sila ay nasa loob ng isang café di-kalayuan sa *CSB*.

“Don’t worry, Sir, I’ll work hard on that,” ang tanging nasabi ni Lara habang nakakaramdam ng pangingilabot sa kanyang buong katawan. Sadyang hindi lang kasi siya makapaniwala na ang tao mismo na umapak sa kanyang pride kani-kanina lamang ay siya rin mismong makapagtataas niyon.

“Napansin ko rin na parang napaka-passionate mo sa film na ’yon na ginawa mo. Was the story based on a real-life experience?” curious nitong tanong matapos inumin ang espresso.

“Actually, Sir, the main character was derived from me,” pag-amin na niya. “I am Jill...”

Napatangu-tango ito.

“Sabi na nga ba, kaya ganoon na lang ang naging



reaksyon mo nang i-criticize ko si Jill.”

“Pakiramdam ko kasi kanina, Sir, ako ’yung nahuhusgahan. And maybe I just could not accept the truth that I am a lost and confused girl...” patuloy pa niya habang nahihiwagaan sa sarili dahil hindi naman siya ang tipo na basta na lamang nagbubukas ng damdamin sa isang estranghero. Pero sadyang hindi niya maiwasan iyon kay Bryce, for she suddenly felt a sense of comfort talking to him.

“I’m sorry I did not mean to judge you,” biglang nakonsyensyang sabi nito.

“It’s all right, Sir, hindi mo naman kasalanan,” pag-assure niya. “Masyado lang kasi akong naging sensitive.”

“I saw you at the bar last night with your friends,” pagbibigay-alam nito. “And you seemed to be so sad...”

“Oh no! For two straight nights, you witnessed my most vulnerable moments. Nakakahiya na ito!” bulalas niya na biglang napainom ng in-order na cappuccino.

“Huwag kang mahiya, lahat tayo ay may vulnerable moments. I want you to know that you can talk to me about anything. What’s really bothering

you, Lara?”

Lara looked at him and saw beneath the bespectacled eyes the warmest and kindest expression. Ramdam niya rin sa malalim nitong tinig ang genuine desire na siya ay lubusang makilala at matulungan. Hindi nagtagal ay nalaman na lamang niyang tuluyan na siyang nilubayan ng hiya na kanina lamang ay bumabalot sa kanyang pagkatao.

Naisatinig niya ang pangyayari nang gabing iniligtas siya ni Bryce, kung bakit nagpakalasing siya. “If I had only known from the start, I would never have chosen to be with him.”

“How did you... meet this guy?”

Pakiramdam ni Lara habang itinutuon ng kausap ang buong pansin sa kanya ay siya na ang pinakaimportanteng tao sa buong mundo. And no one has ever made her feel that way but him.

“We met at a bar, I was with my friends nang lumapit siya sa amin kasama ang mga kaibigan rin niya. We started out as friends hanggang sa magsimula na siyang mag-confide tungkol sa mga problema nila ng girlfriend niya. I gave him advices on how to work out his relationship with her until one day he said he’s fallen in love with me at iiwan

na niya ang girlfriend niya para sa akin.

“At first, I was hesitant about it dahil siyempre ayoko namang manakit ng kapwa ko babae, but my love for him got the better of me and I agreed for us to get together. In the four months that we were going steady, ang buong akala ko ay hiniwalayan na niya ang girlfriend niya at nalaman kong ongoing pa pala ang relationship nila nang aksidenteng makita kami nitong magkasama sa mall. That’s also when I found out that she happened to be my sister. And that gave her another reason to hate me...”

“Hindi naman dapat magalit sa ’yo ang kapatid mo, wala kang kasalanan. It’s that guy who should be blamed here, pareho lang kayong naging biktima niya,” pagbibigay nito ng opinion.

“My sister and I never really had a good relationship kahit noong mga bata pa kami. Hindi ko maintindihan kung bakit parang may resentment siya sa akin. It’s the same thing with my mom. Actually, last night when you saw me drinking again, I just had a big fight with both of them. Nagkaroon kami ng pagtatalo ng sister ko and as usual, kinampihan siya ni Mommy. I know I should just get used to it dahil mga bata pa kami ay ganoon na talaga ang sitwasyon. But I just can’t stop myself from getting

hurt...” malungkot na saad niya.

Bryce took her hand and gave it an affectionate squeeze when he saw the tears in her eyes. “Gusto kong malaman mo that from now on, you’ve got me... I’ll always be here for you...”

Sa lahat ng mga lalaking naringgan niya ng mga salitang iyon, tanging sa binatang ito lamang siya nakadama ng sincerity. Hindi tuloy naging mahirap para sa kanya na ibigay ang tiwala rito.

“Thanks...” nakangiting sabi ng dalaga.

---

Ni minsan ay hindi naging mahirap para kay Bryce ang mag-focus sa anumang bagay na kailangan niyang gawin. Ngunit iba ang naging pangyayari noong gabing iyon sa kanyang apartment nang hindi niya magawang ituon ang pansin sa pag-e-edit ng pelikulang minamadali nang tapusin para maihabol sa film competition. Hindi kasi siya magawang lubayan ng mga nalaman tungkol kay Lara.

Naantala ang kanyang pag-iisip nang kinailangan niyang pagbuksan ang bisitang tumitimbre sa kanyang doorbell.

“Pare, pasensya na ngayon lang ako nakarating,”

halos humahangos na bungad sa kanya ni Randolph na mayroong baong balita na hindi na nito mahintay na ipaalam sa kanya. “Nakausap ko kasi ’yung tropa ko na nag-aaral sa *CSB* at napag-usapan namin si Lara Vijandre. Pare, ang dami na palang naging boyfriends ng babaeng ’yon. Hindi raw siya nababakante. Kapag nakikipag-break raw siya ay hindi magtatagal at may bago na kaagad. May reputasyon nga raw ng pagiging heartbreaker ang Lara na ’yon.”

“Parang hindi naman yata ganoon ang pagkakakilala ko sa kanya,” pagtatanggol niya sa dalaga hindi niya magawang paniwalaan ang mga sinasabi ng kaibigan.

Kumunot ang noo nito. “What do you mean? Have you talked to her?” naiintrigang tanong nito habang umuupo sa sa tabi ng kaibigan sa harap ng computer.

“Yes, we did talk this morning,” pag-amin niya. “We had coffee. At first, ’yung tungkol lang sa short film niya ang pinag-uusapan namin then we got into her personal life. Kung alam mo lang ang tunay na istorya ng buhay niya ay maaawa ka sa kanya at hindi mo paniniwalaan ’yang mga narinig mo sa mga kaibigan mo.”

“Whoa! Wait! Ano na’ng nangyari sa sinabi mong

kakalimutan mo na ang attraction mo sa kanya? Hearing you talk right now, I could even sense that you seem to be falling for her already. Ano na ang nangyari sa ipinagmamalaki mong self-control?”

Napabuntong-hininga si Bryce. “Well, tama nga ang sinabi ninyo, mahirap talagang hindi ma-attract kay Lara Vijandre lalo na’t nalaman ko ang pagkatao niya, ang mga pinagdaraanang hirap ng kalooban niya. It just became so hard to stay away from her,” pag-amin na niya ng kahinaan. “She’s one woman who is in need of true love, affection, belongingness. And I feel like I want to give them all to her...”

Itinaas ni Randolph ang dalawang kamay na tila pinipigilan siya sa pakikipaglapit sa kanyang estudyante. “Pare, hinay-hinay ka lang. Hindi mo naman alam kung totoo nga ’yang mga sinabi sa ’yo ng babaeng ’yon, eh. Malay mo kung arte niya lang pala ’yon to get your sympathy. Maybe she’s targeting you as her next victim,” babala nito. “Pare, ang sa akin lang, concerned ako sa ’yo. I know how serious you can get when you fall in love. Hindi ko pa nakakalimutan kung gaano katagal bago ka naka-recover sa ex mo. I just don’t want to see you heartbroken again...”

“Pare, I appreciate your concern, but I really

*Gaano Kita Kamahal? - Terri Dizon*

---

believe in Lara. I can feel it in my heart that she is a sincere and honest woman...”

# 3

“Lara, please give me another chance. Nakipaghiwalay na ako kay Angelica, ikaw ang pinili ko. Ikaw ang mahal ko...” pagmamakaawa ni Ira nang puntahan nito sa campus ang ex-girlfriend.

“Tama na, Ira, ayoko na. I can’t be with you anymore,” tanggi ni Lara. Pilit niyang isinasaksak sa isipan nito ang sinabi niya.

Ngunit sadyang matigas ang binata at hindi matanggap ang kanyang pakikipaghiwalay. “Lara, hindi mo ba maintindihan? Ikaw ang gusto kong makasama!” pagpupumilit pa nito habang nakahawak sa kanyang mga braso.

“Bitawan mo nga ako!” pagpupumiglas ng dalaga.

“Ano’ng nangyayari rito, Lara?” Bigla ang pagsulpot ni Bryce sa kanyang tabi. Hindi niya namalayan ang pagdating nito.

Matalim na pinukulan ng tingin ni Ira ang bagong dating. “Ito ba ang lalaking ipinalit mo sa akin, ha? Wala pa ngang isang linggo tayong magkahiwalay, may bago ka na kaagad! Malandi ka talaga!”



nagpupuyos sa galit na pang-aakusa nito sa kanya.

Biglang nagpanting ang tainga ni Bryce na hindi na nakontrol pa ang sarili at sinapak ito sa kaliwang panga. “Ang kapal ng mukha mo! Pagkatapos ng ginawa mo kay Lara, pagsasalitaan mo pa siya ng ganyan!”

“Tama na, huwag naman kayong mag-away, please...” pakiusap ni Lara na pumagitna sa dalawang lalaki.

Subalit hinawi lamang siya ng ex-boyfriend na nakabangon na mula sa pagkakabulagta sa semento dahil sa suntok na natamo. “Ano’ng karapatan mong makialam sa amin, ha? Sino ka ba?” Gaganti na sana ito at bibigyan ng suntok si Bryce nang makailag ang huli.

Nakaagaw-pansin ang komosyon na iyon.

Sinimulan na silang palibutan ng mga tao na pawang nakikiusyoso habang si Lara naman ay hindi na malaman kung paano sila patitigilin.

“What is this all about, Mr. Villasarte?”

Doon na nahinto ang away ng dalawang lalaki at binitawan ang isa’t isa nang marinig ang malalim at malaking boses ni Dean Jose Fernando.

“You, young man, are you a student here?” tanong nito kay Ira.

“No,” tiim-bagang na tugon nito.

“Then you better get out of here. From now on, you’re no longer allowed to enter the premises of this institution,” mariing utos nito, sabay baling sa professor. “And you, Mr. Villasarte, you come with me to my office...”

Galit na umalis sa campus si Ira samantalang sumunod sina Lara at Bryce sa matanda. Nagtungo ang dalawang lalaki sa opisina ng huli habang siya naman ay naghintay sa labas ng silid.

“Ano’ng sinabi sa ’yo ni Dean?” tanong kaagad ni Lara nang lumabas na si Bryce mula sa opisina ni Dean Fernando. Magbuhat nang pumasok doon ang binata, may isang oras na ang nakakalipas ay hindi na siya umalis at matiyagang naghintay rito sa labas. Hindi niya magawang iwan ang professor gayong alam niyang siya ang dahilan kung bakit ito nalagay sa alanganin. “Did he punish you?” may pangamba niyang tanong.

Umiling ito. “Hindi naman, nasabon lang nang matindi,” sagot nito. “Hindi raw niya ako i-su-suspend but the next time I’ll get involved in something like

this, tatanggalin na raw niya ako kaagad.”

“Oh, I’m so sorry. This is all my fault,” ang pinaghalong pagkapahiya at pagkakonsyensya na nasabi niya.

“Hey, don’t blame yourself. It’s not your fault,” pagpapagaan nito sa kanyang kalooban habang hawak siya sa magkabilang balikat. “I was the one who punched your ex. Nasaan na nga pala siya?”

“Umalis na... hindi ko alam kung saan siya nagpunta at wala na rin akong pakialam sa kanya,” tahasang tugon niya. “Salamat nga pala sa pagtatanggol mo sa akin kanina.”

“Huwag mong isipin ’yon,” balik ni Bryce. “I just can’t really stand anyone saying bad things about you.”

Lara felt her heart melting when she heard him say those words. “Tell me, what can I do to make it up to you?”

“Hmm... you can come with me to my house...”

Hindi siya kaagad nakasagot nang panandalian siyang makaramdam ng pagkabigla sa hiling nito. Gayunpaman, wala siyang makitang masama, kaya naisip niyang pumayag na rin. “All right, let’s go to

your house then...”

---

“Actually, pinipilit ko na talagang tapusin ang movie na ’to dahil balak ko itong isali sa competition,” banggit ni Bryce habang ipinapanood kay Lara ang mga natapos nang eksena sa ginagawa nitong pelikula.

“I bet napakalaki ng chance na manalo nitong movie mo. It’s so good!” sinserong pahayag niya habang hindi mapuknat ang mga mata mula sa panonood sa computer screen. “Ay, bitin!” bulalas niya nang matapos na ang palabas.

“Hindi ko pa kasi natatapos i-edit ’yung iba,” napakamot-ulong paliwanag ng binata. “Huwag kang mag-alala, as soon as I finish this, ikaw ang unang-unang makakanood nito.”

“Promise mo ’yan, ha? Magtatampo ako sa ’yo kapag may ibang nauna sa akin na makakita ng finished work mo,” paglalambing niya.

“Don’t worry I know how to keep my word,” nakangiting pag-assure nito.

“So, paano ka nga pala nahilig sa paggawa ng movies? Has it always been your dream to be a

filmmaker?” tanong ni Lara habang itinutuon ang buong pansin dito.

“Oo, bata pa lang ako ay ito na ang pangarap ko,” sagot nito na sumandal sa swivel chair at siya ay hinarap. “Naging escape ko kasi ang movies noon sa tuwing hindi ko na makayanan ang sitwasyon sa bahay namin. My parents could not get along, they often fought hanggang sa maghiwalay sila. Malaki ang naitulong sa akin ng mga pelikula dahil kahit sandali ay nagagawa kong kalimutan ang kalungkutan ng buhay ko...”

“Wala ka bang mga kapatid?”

“I’m an only child, kaya growing up, I was kind of a loner,” pag-amin nito.

Hindi man magkapareho ang kanilang sitwasyon, nakaramdam pa rin si Lara ng koneksyon dito nang mapagtanto niya kung paano sila kapwa naghahanap ng kaligayahang napakailap sa kanilang mga buhay.

“Kaya siguro naiintindihan kita, we’re two people in search of our own happiness in this lonely world.”

*Oh, my God! He’s thinking of the exact same things that I do!* namamanghang isip niya. “Alam mo bang this is my first time to find someone whom I can feel this strong connection with?” pag-amin niya.

Kumislap ang mga mata nito. “Talaga? Ako rin... I’ve never felt such strong feelings for anyone in my entire life.”

As Lara stared back at him, she felt a strong compulsion to remove his eyeglasses and she did. *He’s got the kindest and warmest eyes I have ever seen, that when he stares at me I feel like I am the only thing that ever matters in this world...* isip niya habang nararamdaman ang paglambot ng kanyang puso.

“Kahit wala akong salamin, it’s still very clear to my eyes how beautiful you are...” he whispered and then gave her a soft, gentle kiss.

Hindi iyon ang unang halik na nadama niya sa kanyang buhay, but it definitely felt like it was the first time she had been kissed.

“I have a confession to make,” ani Bryce nang humiwalay sa kanya at kunin ang kanyang mga kamay.

“What is it?” tanong niya na hindi magawang alisin ang paningin sa mukha nito.

“Noong unang beses kitang makita on the other end of the street sa *The Fort*, bago ka pa man tumawid, I already couldn’t take my eyes off you. I thought you were so damn beautiful, kaya lang parang ang hirap-

hirap mong abutin...”

“Well, napatunayan mo namang hindi totoo ’yan, di ba? ’Cause I’m here with you now...”

“But still, hindi pa rin ako makapaniwala na nandito ka, na kaharap na nga kita. I feel like I’m still dreaming...”

Ngayon ay ito naman ang nilapitan ni Lara at binigyan ng halik. “Ngayon, nananaginip ka pa rin ba?” tanong niya na may pilyang ngiti sa mga labi.

“Hmm... isang kiss pa siguro baka maramdaman kong totoo na nga talaga ito...” balik nito na kinakitaan din ng pilyong ngiti.

“Aba, abuso ka na!” pagkuwan ay paglayo ng dalaga rito.

“Sige na, please, isa na lang!” pagpupumilit nito na muling inilapit ang sarili sa kanya.

Ngunit tumayo si Lara at sila ay naghabulan at nagharutan sa buong living room. Kapwa hindi nila maipaliwanag ang kaligayahang kanilang nadarama sa pagkakatagpo sa isa’t isa. At walang humpay ang kanilang paghiling na sana ay maging simula na iyon ng isang pagsasamang kokompleto sa kanilang mga buhay.

Samantala, nalaman ni Angelica mula kay Rizz ang gulong namagitan kina Bryce at Ira sa eskuwelahan at iyon ay dahil kay Lara. Galit na galit ito.

---

“Thanks, Sir, I really had a great time,” ani Lara nang iparada ni Bryce ang sasakyan nito sa harap ng kanyang bahay.

“O, ayan ka na naman, sinabi ko na sa ’yo na kapag wala tayo sa classroom ay huwag mo na akong tatawaging ‘Sir,’” paninita ng binata. “Pakiramdam ko tuloy ang tanda-tanda ko na...”

“Sorry, nasanay na kasi ako, eh,” napakamotulong nasabi niya. “Sige na, Bryce, I have to go. Kailangan ko pang ayusin ’yung mga pinagagawa mo sa akin sa project ko. ’Bye na!” paalam niya habang bumababa sa passenger side.

“Sige, pagbutihin mo and make sure you won’t be late for class tomorrow,” paalala pa nito nang silipin siya mula sa nakababang bintana.

“Huwag kang mag-alala, magka-synchronize na ang mga oras natin kaya hindi na ako male-late,” pangako niya.



Hindi kaagad pumasok sa loob ng gate si Lara, pinagmasdan muna niya ang paglayo ng kotse nito habang masayang binabalikan sa isipan ang halos buong maghapon nilang pagsasama. Sa kanyang paglalakad papasok sa loob ng kanilang bakuran ay hindi pa rin maalis ang ngiti sa kanyang mukha.

*How I wish I can just be this happy forever...* hiling niya sa loob-loob.

“Ang galing mo rin talaga, ’no! Biruin mo, sinira mo na ang relasyon namin ni Ira, pati ba naman si Sir Bryce ay aagawin mo pa sa akin?” nagpupuyos sa galit na pagsalubong sa kanya ng nakababatang kapatid sa pintuan pa lamang ng kanilang bahay.

“Angelica, what are you talking about?” naguguluhan niyang tanong dahil wala naman sa kanyang pagkakaalam na may kaugnayan ang professor niya rito.

“Will you stop acting innocent! Hindi bagay sa ’yo!” sigaw pa nito. “Bakit ba lahat na lang ng gusto ko ay pilit mong inaagaw sa akin?”

“Look, Angelica, ilang beses ko bang sasabihin na hindi ko intensyong agawin sa ’yo si Ira. At si Sir Bryce, hindi ko alam na gusto mo siya,” pagdededepensa niya sa sarili. “Maniwala ka sa akin, Angelica, ni

minsan hindi ko naisip na agawan ka.”

“All right, layuan mo si Sir Bryce at paniniwalaan ko 'yang sinasabi mo,” utos nito bago tumalima at umakyat patungo sa silid.

Iyon ang ikinatatakot ni Lara sa tuwing magiging labis ang kanyang kasiyahan dahil alam niyang wala rin siyang ibang pupuntahan kundi kalungkutan. Tulad na lamang ng nangyayari sa kanya noong mga sandaling iyon, ang buong akala niya ay nahanap na niya ang lalaking tunay na nararapat para sa kanya, pero heto at mayroon kaagad humahadlang sa hindi pa man nila umuusbong na pagtitinginan.